DSWD Central Luzon NagTurn-over ng 12 Sub-projects sa Palauig, Zambales

Palauig, Zambales – Idinaos ang Inauguration and Turnover Ceremony ng 12 sub-projects ng Department of Social Welfare and Development Field Office 3 – Central Luzon sa pamamagitan ng Kapit Bisig Laban Sa Kahirapan Comprehensive and Integrated Delivery of Social Services (KALAHI-CIDSS).

Kabilang sa mga sub-projects ang Improvement of Barangay Health Center and Purchase of DOH approved medical tools and equipment, Improvement of barangay road with line canal, Construction of pathway, Construction and Improvement of Drainage Canal, Concreting of Barangay Road, Improvement of Daycare Center, at Purchase of basic tools and equipment for medical and disaster response.

Sa pangunguna ni DSWD Regional Director Venus F. Rebuldela, dinaluhan ito ni Assistant Regional Director for Operations Armont C. Pecina at iba pang kawani ng programa katuwang ang lokal na gobyerno ng Palauig sa pangunguna ni Municipal Mayor Billy Aceron at mga kawani ng LGU.

Kasama sa aktibidad ang ribbon cutting ng host barangay, symbolic turn-over ng 12 Sub-Projects, at mga messages of experience and support ng community volunteers at mga kapitan.

Nagbigay din ng mensahe at pasasalamat si ARDO Armont,

“Pinasasalamatan namin ang pamahalaang lokal at lahat ng naging kabahagi ng programa. Sapagkat ang gampanin natin ngayon ay bunga ng ating pagtupad ng pamahalaan sa kaniyang role upang tupdin ang layunin na tuldukan ang kahirapan. Maraming salamat po sa ating lahat.”

Patuloy ang programa sa paghahatid ng higit na serbisyo at bigyang pagkakataon ang mga komunidad na magdesisyon, magplano, at magbigay priyoridad ng mga problema sa barangay na patunay sa pagkakaroon ng pagbabago at kaunlaran sa kanilang mga komunidad.

#